
5

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 5: Pagpapahayag ng Sariling Opinyon o Reaksiyon sa Isang Napakinggang Balita, Isyu o Usapan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI



# Alamin



Kumusta ka? Naritong muli ang iyong kaibigang si Kokoy na handang gumabay sa iyong paglalakbay.

Sabik ka na ba sa bago nating paglalakbay?

Halika! Umpisahan na natin.

Teka! Inaasahan ko na magagawa mo ang sumusunod pagkatapos ng ating paglalakbay:

1. Naipahahayag mo ang sariling opinyon o reaksiyon sa isang napakinggang balita, isyu o usapan;
2. Nagagamit ang iba't ibang pahayag na karaniwang ginagamit sa pagpapahayag ng sariling opinyon o reaksiyon sa isang napakinggang balita, isyu o usapan; at
3. Napahahalagahan ang pagbibigay ng sariling opinyon o reaksiyon sa napakinggang balita, isyu o usapan.

Tara na! Kayang-kaya mo 'yan.

## *Subukin*

Makikita mo sa ibaba ang iba’t-ibar
larawan tungkol sa mga napapanahong
isyung nagaganap sa ating bansa.
Ano ang masasabi mo tungkol dito?



Kumpletuhin mo ang sumusunod na mga pahayag at isulat ang iyong sagot



1. Para po sa akin, ___________



2. Sa aking palagay, _____________



3. Naniniwala po akong _________



4. Hindi ako sang-ayon___________

# Aralin 1

# Pagpapahayag ng Sariling Opinyon o Reaksiyon sa Isang Napakinggang Balita, Isyu o Usapan

Ang husay mo kaibigan! Naisagawa mo kaagad ang unang gawain.

Alam kong kayang-kaya mo 'yon dahil sa araw-araw nating pakikipag-ugnayan sa ating kapwa, hindi maiiwasang nakapagbibigay tayo ng ating mga saloobin at opinyon na maaaring pagsang-ayon o pagtutol sa narinig o sinabi ng ibang tao.

## *Balikan*

Ops! Bago mo isagawa ang susunod pang mga gawain, balikan muna natin ang ilang pamahiin. May naaalala ka ba tungkol dito?



Alam mo bang sa kabila ng kinakaharap na modernisasyon, may ilan pa rin sa ating kapwa Pilipino ang naniniwala sa mga pamahiing nagmula pa sa ating mga ninuno. Madalas nating marinig sa ating mga magulang ang pagpapaalala o di kaya'y pagkagalit sa tuwing hindi natin nasusunod ang nasabing pamahiin.

Mababasa mo sa ibaba ang ilan sa mga pamahiing ito. Ano kaya ang iyong reaksiyon sa mga ito.

Tara! Isulat mo ang iyong opinyon o reaksiyon sa sumusunod na mga pamahiin sa iyong sagutang papel.

1. Para maging matalino ang isang tao, kailangang may librong tinutulugan sa kanyang ulo.


2. May paparating na biyaya o pera sa iyo kapag may umaaligid na kayumangging paruparo.

3. Kapag may nakasalubong na pusang itim sa daan, huwag nang magbalak pang tumuloy sa patutunguhan upang hindi mapahamak o mamatay.

4. Bawal magpakuha ng larawan ang tatlo dahil sinasabing mamamatay ang nasa gitna.

5. Sinasabing malas ang numero trese o *Friday the 13*$^{th}$

## *Tuklasin*




Tara! Ipabasa mo ang kasunod na teksto sa iyong magulang o kapatid. Makinig ka nang mabuti at pagkatapos ay ibigay mo ang iyong reaksiyon tungkol sa ilang pahayag mula rito.

Gawin mong gabay sa pagsagot ang talahanayan sa ibaba.

**Klima sa Bansa, Hindi na Tama?**


Init-lamig, lamig-init, ulan sa tag-araw at init sa tag-ulan. Lubhang malaki na ang ipinagbago ng klima sa ating bansa simula nang pumasok ang ika-20 siglo.

Ayon sa siyentipikong pananaliksik, ito ay sanhi ng tinatawag na "climate change" at "global warming" kung saan hindi lamang ang ating bansa ang naapektuhan kundi maging ang iba pang bahagi ng mundo.

Malaking hamon ang hinaharap ngayon ng lahat ng ahensiya ng pamahalaan upang makahanap ng solusyon para malabanan ang hindi tama o pabago-bagong klima na nakaaapekto sa bansa.

*Halaw mula sa Alab, Batayang Aklat sa Filipino 5, p. 6*

| Napapanahong Isyu | Ang Aking Reaksiyon |
|---|---|
| 1. pabago-bagong klima sa ika-20 siglo | |
| 2. climate change at global warming | |
| 3. paghahanap ng solusyon ng gobyerno para malabanan ang problema | |



## *Suriin*



Matutulungan ka ng susunod na gawain upang higit na mapahusay ang iyong kaalaman sa pagbibigay ng iyong mga **reaksiyon o opinyon** sa anumang isyung naririnig.

Basahin at unawain mo sa ibaba ang paliwanag tungkol dito.

Mahalagang bahagi ng ating pakikipag-ugnayan sa ating kapwa ang pagbibigay ng reaksiyon o palagay sa mga bagay o paksang pinag-uusapan. Maaaring ang pagbibigay ng reaksiyon ay pagpapahayag ng pagsang-ayon o pagtutol sa narinig o sinabi.

Narito ang mga pahayag na karaniwang ginagamit sa pagbibigay ng reaksiyon:

1. Sumasang-ayon ako…
2. Tutol ako sa sinabi…
3. Nais ko lamang magbigay ng puna…
4. Payag ako, pero sa palagay ko ay dapat…
5. Magaling ang iyong ideya o naiisip…
6. Kung ako ang tatanungin …
7. Sa aking pakaiwari….
8. Naniniwala akong….
9. Sa tingin ko…
10. Hindi ako pabor…

Ang pagbibigay-reaksiyon ay isang mabuting kasanayan dahil naipahahayag natin ang sariling saloobin, opinyon o pananaw hinggil sa mga kaisipang inilahad.

Sa pagbibigay ng reaksiyon, ito'y maaaring maipahayag sa pamamagitan ng pagsang-ayon o pagsalungat sa kaisipan ng nagsalita o kausap. Sikapin lamang na maging magalang upang maiwasan ang makasakit ng damdamin ng kapwa.

# Pagyamanin



Sa puntong ito, isang balita ang pakikinggan mo. Sa tulong ng iyong magulang , ate o kuya ay ipabasa ang balita sa ibaba. Pagkatapos ay sagutin mo ang mga tanong at isulat sa sagutang papel.

**Estudyante....Naistranded!**

Umihip ang hangin at bumuhos ang malakas na ulan. Nabasa ang mga estudyanteng papasok sa kanilang mga klase kahit pa may dala silang payong. Nagtrapik sa mga lansangan dahil may ilang lugar na tumaas ang tubig. Nagbanggaan ang dalawang sasakyan dahil sa madulas ang kalsada. Sumimangot na ang mga pasahero dahil mahuhuli na sila sa kani-kanilang pupuntahan. Samantala, dahil sa biglang pagbuhos ng ulan at balitang mga pagbaha sa ilang lansangan, nag-anunsyo ang pangasiwaan ng paaralan na suspendido na ang klase. Sinuspinde man ang klase, hindi rin makauwi ang mga estudyante. Malakas pa ring bumubuhos ang ulan. Naghihintay silang tumila ang ulan habang nag-aabang ng masasakyan pauwi. Ginabi na ang mga naistranded bago nakauwi.

*- Halaw mula sa google.com*

Mga tanong:

1. Saan papunta ang mga estudyante?
   ______________________________________________________
2. Bakit kaya nakasimangot ang mga pasahero?
   ______________________________________________________
3. Bakit hindi kaagad naisusupinde ang klase sa mga paaralan? Ano ang reak-
   mo rito? ________________________________________________
4. Kung ikaw ang tatanungin, papasok ka pa ba sa paaralan kung malakas na ang ulan?  Bakit?
   ______________________________________________________

## *Isaisip*



Mahal kong kaibigan, batid kong marami ka ng kaalaman tungkol sa wastong pagpapahayag ng iyong reaksiyon o opinyon sa napakinggang isyu at balita.

Kaya't sa bahaging ito ay isusulat mo ang iyong mga natutuhan.

Sinimulan ko na ang mga pahayag at dudugtungan mo na lamang.

Tara!

1. Sa pagbibigay ng reaksiyon o opinyon, mahalagang gumamit ng mga pahayag na

   ______________________________________________________________
   .

2. Mahalaga ang pagiging magalang sa pagbibigay ng reaksiyon o opinyon upang

   ______________________________________________________________.

3. Mahalagang pag-isipan ko nang mabuti ang aking reaksiyon o opinyon sa anumang isyu upang

   _______________________________________________________

Tumpak! Magaling kaibigan. Napatunayan mo sa iyong sarili na kayang-kaya mo ang mga gawaing inihanda para sa 'yo.

## *Isagawa*




Isang maikling talata ang pakikinggan mo sa bahaging ito ng iyong paglalakbay. Maaaring ipabasa ito sa iyong magulang, ate o kuya.

Tutulungan ka nito upang higit pang mapalalim ang iyong kaalaman sa pagbibigay ng reaksiyon.

**Isang Matandang Kaugalian**

Isang matandang kaugalian nating mga Pilipino ang mabuting pakikipagkapitbahay. Nais nating lahat ang mamuhay nang mapayapa at tahimik sa piling ng mababait at matutulunging mga kapitbahay. Kahit saan naninirahan ang mga tao, sa maliit na nayon o sa lungsod man, magkakatulad ang pagnanais nilang ito.

Naipapakita natin ang mabuting pakikipagkapitbahay sa maraming paraan. Ilan sa mga halimbawa ay ang hindi pagpapatugtog ng radyo nang malakas lalo kung hatinggabi na at ang hindi pagpapabayang gumala ang ating mga alagang hayop sa halamanan ng ating kapitbahay. Mabuti ring pakikipagkapitbahay ang hindi pagtapon ng basura sa bakuran ng kapitbahay.

*(Halaw mula sa google.com)*

Isulat mo ang iyong reaksiyon o opinyon sa sumusunod na mga kaugalian. Gamitin ang pahayag na ginagamit sa pagbibigay-reaksyon.

1. Ang mabuting pakikipagkapitbahay ay dapat panatilihin ng mga Pilipino.
   ________________________________________

2. Magkakatulad ang pagnanais ng mga taong naninirahan sa nayon na maging mapayapa at tahimik ang pamumuhay.



## Tayahin



Malapit nang matapos ang iyong paglalakbay. Ngayon pa lamang ay binabati na kita.

Huling gawain na lamang ito kaibigan. Kaya mo to!

Babasahin ng iyong magulang o kapatid ang sumusunod na ulat. Makinig nang mabuti at unawain ang ulat tungkol sa ating mga ninuno.

**Ang Ating mga Ninuno**

May tatlong pangkat ng tao ang dumating sa Pilipinas: ang mga Negrito, ang mga Indones at ang mga Malayo. Sila ang maituturing na mga naunang nanirahan sa Pilipinas. Ang mga Negrito ang naunang pangkat ng tao na namalagi rito sa ating kapuluan. Nakarating sila dito sa pamamagitan ng pagdaan sa mga lupang tulay. Sila ay maliliit, maiitim, sarat ang ilong, makapal ang labi at kulot ang buhok. Nabuhay sila sa pangangaso, panghuhuli ng isda at pagsasaka. Sumunod na dumating ang mga Indones na nahati sa dalawang pangkat. Ang unang pangkat ay nakarating mula sa Timog – Silangang Asya.

*(Halaw mula sa R8 Test Item Bank Q1)*

Sa bahaging ito ay ipahayag mo ang iyong opinyon o reaksiyon sa ilang mga pahayag mula sa iyong napakinggan. Gamitin ang angkop na mga salita o pahayag sa pagbibigay ng reaksiyon o opinyon.

1. Mahalagang alamin ang pinagmulan mo bilang isang Pilipino.
   ______________________________________________

2. Malaki ang impluwensiya ng mga dayuhan sa pamumuhay ng mga Pilipino.

3. Iba't ibang pangkat ng tao ang dumating sa ating kapuluan.

4. Dapat lamang na ipagmalaki ang ating mga ninuno.
   ______________________________________________

## *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin:**
Inaasahan ang magkakaibang mga sagot
**Balikan:**
Inaasahan ang magkakaibang mga sagot
**Tuklasin:**
Inaasahan ang magkakaibang mga sagot
**Pagyamanin:**

1. Sa klase/ paaralan
2. dahil mahuhuli na sila sa kani-kanilang pupuntahan
3. Dahil sa biglang pagbuhos nang malakas na ulan
   Reaksiyon: Inaasahan ang magkakaibang mga sagot
4. Inaasahan ang magkakaibang mga sagot

**Isagawa:**
Inaasahan ang magkakaibang mga sagot
**Tayahin**
Inaasahan ang magkakaibang mga sagot